# Filipino A: literature – Higher level – Paper 2
# Filipino A : littérature – Niveau supérieur – Épreuve 2
# Filipino A: literatura – Nivel superior – Prueba 2

Tuesday 1 May 2018 (morning)
Mardi 1 mai 2018 (matin)
Martes 1 de mayo de 2018 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

## Instructions to candidates

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the part 3 works you have studied and compare and contrast these works in response to the question. Answers which are not based on a discussion of at least two part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.
- The maximum mark for this examination paper is **[25 marks]**.

## Instructions destinées aux candidats

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. En basant votre réponse sur au moins deux des œuvres de la troisième partie que vous avez étudiées, vous devez comparer et opposer ces œuvres dans le cadre du sujet. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la troisième partie n'obtiendront pas une note élevée.
- Vous n'êtes pas autorisé(e) à apporter des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d'examen.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est de **[25 points]**.

## Instrucciones para los alumnos

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste una sola pregunta de redacción. Base su respuesta en al menos dos de las obras estudiadas de la parte 3, comparándolas y contrastándolas en relación con la pregunta. Las respuestas que no se basen en al menos dos obras de la parte 3 no recibirán una puntuación alta.
- No está permitido traer copias de las obras estudiadas a la sala de examen.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[25 puntos]**.

2218 – 0074



© International Baccalaureate Organization 2018

https://xtremepape.rs/

Sagutin ang **isang** tanong lamang. Dapat ibatay ang iyong sagot **sa kahit man lamang dalawang** akdang nasa Bahagi 3 na iyong napag-aralan at **ikumpara o pag-ibahin** ang mga akdang ito bilang tugon sa tanong. Ang mga sagot na hindi nakabatay sa pagtalakay ng kahit man lamang dalawang akda mula sa Bahagi 3 ay **hindi makakakuha** ng matataas na marka.

**Nobela**

**1.** Paghambingin o pagsalungatin kung hanggang saan gumamit ng ironiya sa kanilang mga akda ang kahit man lamang dalawang awtor na iyong napag-aralan para idiin ang pinakabuod na ideya.

**2.** Isang uri ng paglalakbay ang nasa puso ng bawat nobela. Sa anong layunin at sa anong mga epekto inilalakip ng mga manunulat ang konsepto ng paglalakbay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan?

**3.** Kaugnay ng kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, paghambingin ang iba't ibang teknik na ginagamit ng mga awtor para itampok ang alyanasyon at kung anong inihahayag nito tungkol sa mga pagpapalagay o moral na pagpapahalaga ng nakapalibot na lipunan.

**Maikling Kwento**

**4.** Paghambingin at pagsalungatin ang mga teknik na ginamit para itampok ang kamusmusan sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**5.** Gamit bilang halimbawa ang kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, talakayin kung ano ang nakakamit at ano ang nawawala kung nagsasalita ang unang tauhang "ako" bilang isang kalahok sa kwentong kanyang sinasalaysay.

**6.** Gamit ang kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, suriin ang ugnayan ng mga tauhan sa piksyunal na espasyo na nakapalibot sa kanila.

**Dula**

**7.** "Ginagawang dramatikong materyal ng mga mandudula ang mga pang-araw-araw na karanasan." Patungkol sa dalawang awtor na iyong napag-aralan, ipakita kung paano nababago ang pang-araw-araw na karanasan para maging epektibong teatro.

**8.** Paano ginagamit ang diyalogo para katawanin ang magkakaibang antas panlipunan ng mga tauhan? Talakayin ito gamit ang mga halimbawa mula sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang awtor.

**9.** May ilang dula na mahigpit ang struktura ng daloy ng mga pangyayari, may iba naman na hindi. Talakayin ang mga epektong naililikha ng pinili ng mga awtor sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

https://xtremepape.rs/

**Tula**

**10.** "Nakapagbibigay sa atin ang panulaan ng higit o mas malalim na pag-unawa sa panloob na buhay ng mga tao." Batay sa mga akda ng kahit man lamang dalawang makatang iyong napag-aralan, siyasatin kung paano naitagumpay ito at anong mga katangiang pampanitikan ang ginamit sa paglikha ng ganitong epekto.

**11.** Maaaring itampok ng mga makata ang kalikasan at tao bilang magkaisa o magkatunggali. Batay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, talakayin ang mga teknik na ginamit ng magkaibang makata sa pagtanghal ng ugnayan sa pagitan ng tao at kalikasan.

**12.** Paghambingin o pagsalungatin kung paano at sa anong epekto ginamit ng kahit man lamang dalawang makatang iyong napag-aralan ang tulang may sukat at/o malayang taludturan.

**Prosa-hindi kathang-isip**

**13.** Gaano ka-epektibo at sa mga anong paraan ginawang makabuluhan ng magkaibang manunulat ang ugnayang pantao sa kanilang mga akda sa pangkabuuan? Talakayin gamit ang kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**14.** Mahigpit na nakabatay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, talakayin ang paraan ng paglalahad ng tinig ng mga awtor at kanilang ugnayan sa kanilang paksa at ang epekto nito sa datíng ng texto.

**15.** Suriin kung paano at sa anong epekto ginagamit ng kahit man lamang dalawang awtor na iyong napag-aralan ang eksaherasyon, pagpapatingkad ng isang sitwasyon o tao para gawing mas maliwanag ang kanilang pananaw.

https://xtremepape.rs/